

## **Gabay ng Maraming Estado na Nagpapatibay sa Kahalagahan at Legalidad ng mga Inisyatiba sa Katarungang Pangkapaligiran**

Inilabas ng mga Attorney General ng California, Massachusetts, at New York, kasama ang mga Attorney General ng Arizona, Connecticut, Delaware, Hawaii, Illinois, Maryland, Minnesota, Oregon, Rhode Island, at Vermont, ang Gabay na ito upang pagtibayin ang kahalagahan at legalidad ng mga pagsusumikap na isulong ang katarungang pangkapaligiran, na layuning magkaroon ng malusog na kapaligiran para sa lahat ng tao sa buong Estados Unidos kung saan sila maaaring manirahan, maglibang, magtrabaho, matuto, at sumamba. Patuloy kaming nakatuon sa pagsusulong ng katarungang pangkapaligiran at pagpapatupad ng mga kaugnay na batas sa aming mga nasasakupan.

Sa buong bansa, nakikibahagi ang mga pamahalaan ng estado, Tribo, at lokal, mga hindi pangkalakal at kawanggawang organisasyon, mga negosyo, at mga grupong nakabatay sa komunidad sa mga pagsisikap na ibalik at protektahan ang kapaligiran at kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng mga solusyong hinubog at pinahusay ng aktuwal na karanasan ng mga komunidad. Tulad ng inilalarawan sa Gabay sa ibaba, sumasaklaw ang katarungang pangkapaligiran sa malawak na hanay ng mga legal na gawain na naglalayong tugunan ang hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran at kalusugan ng publiko, pati na rin ang pagpapabuti ng kalagayan sa mga lokal na lugar, kabilang ang: pakikilahok ng publiko; sama-samang pagkilos ng komunidad para sa adhikain (“grassroot organizing”); teknikal na tulong; pagsubaybay sa kalidad ng tubig, lupa, at hangin; adbokasiyang legal at pambatas; mga hakbang sa rehabilitasyon; at pagpapatupad ng mga umiiral na batas.

Sa kasamaang-palad, nagdulot ng pangamba at panghihina ng loob ang ilang mga kamakailang kautusang tagapagpaganap ng pederal na pamahalaan at mga kaugnay na hakbang na nakatuon sa katarungang pangkapaligiran sa pagpapatuloy ng mga gawaing ito.<sup>1</sup> Itinuring ng mga hakbanging pederal na ito ang mga patakaran, programa, at aktibidad kaugnay ng katarungang pangkapaligiran bilang “ilegal na diskriminasyon” – isang hindi tama at mapanlinlang na paglalarawan na nagdulot lamang ng kalituhan.<sup>2</sup> Gayunman, ang basta-bastang pagtawag na ilegal ang mga gawaing ito ay hindi nangangahulugang ito ay totoo. Hindi maituturing na ilegal na diskriminasyon ang katarungang pangkapaligiran, at hindi binabago ng mga hakbanging pederal na ito ang katotohanang iyon. Sa kabaligtaran, tumutulong ang mga aktibidad sa katarungang pangkapaligiran sa mga pampubliko at pribadong entidad na maiwasan at mapigilan ang labag sa batas na diskriminasyon at maisaayos ang mga epekto nito. Hindi maaaring ipagbawal ng Pangulo nang mag-isa ang mga legal na patakaran, programa, at aktibidad ng mga pamahalaan ng estado, Tribo, at lokal na naglalayong isulong ang katarungang pangkapaligiran.

Ang mga hakbanging pederal na sumasalungat sa katarungang pangkapaligiran ay nagpapahina sa kalusugan ng ating mga residente, sa ating kapaligiran, at sa ating mga ekonomiya. Layunin ng Gabay na ito na tugunan ang ilang mga alalahanin at kalituhang ipinahayag ng mga “stakeholder” sa ating mga estado kaugnay ng kanilang mga pagsusumikap sa katarungang pangkapaligiran. Dapat maramdaman ng mga “stakeholder” mula sa pampubliko at pribadong sektor ang katiyakan na maaari nilang ipagpatuloy sa legal na paraan ang mga hakbang para isulong ang katarungang pangkapaligiran, at na ang mga gawaing ito ay

mananatiling mahalaga para sa kalusugan at kapakanan ng publiko. Dahil tinalakay sa Gabay na ito ang pangkalahatang mga batayang legal ng mga prinsipyo at gawain sa katarungang pangkapaligiran, dapat humingi ng angkop na legal na payo ang mga pampubliko at pribadong entidad kung may mga katanungan sila hinggil sa partikular na gawain o patakaran.

### **Nananatiling Mahalaga ang mga Pagsusumikap na Isulong ang Katarungang Pangkapaligiran**

Isinusulong ng katarungang pangkapaligiran ang katarungan, kalayaan, at pagkakapantay-pantay, at nakaugat ito sa mga kilusan para sa karapatang sibil, pang-ekonomiya, paggawa, at ng mga imigrante. Nagsimula ang kilusan para sa katarungang pangkapaligiran mahigit apatnapung taon na ang nakalilipas, noong 1982, nang humiga sa kalsada ang mga nagpoprotesta upang hadlangan ang pagdadala ng mga nakalalasang kemikal sa isang tambakang matatagpuan sa pangunahing komunidad ng mga Itim sa Warren County, North Carolina. Nilalayon ng katarungang pangkapaligiran na matiyak na ang bawat tao ay may pantay-pantay na akses sa malinis na hangin at tubig, ligtas at masustansyang pagkain, isang malusog at napapanatiling kapaligiran, at proteksyon mula sa mga epekto ng pagbabago ng klima. Binibigyang-prioridad nito ang sariling pagpapalakas ng mga komunidad at kinikilala ang karapatan ng mga tao na makilahok sa mga desisyong may epekto sa kanila at tumanggap ng pantay na proteksyon mula sa mga batas ng ating bansa.

Nananatiling mahalaga at agaran ang gawain sa katarungang pangkapaligiran upang matugunan ang nagpapatuloy na hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan ng publiko at sa kapaligiran. Halimbawa, ang pagkalason sa tingga<sup>3</sup> at hika na dulot ng polusyon<sup>4</sup> ay patuloy na nagdudulot ng malulubhang pangmatagalang epekto sa kalusugan, lalo na sa mga bata. Madalas ding nahaharap ang mga komunidad na dumaranas ng kawalan ng katarungang pangkapaligiran sa mga problemang gaya ng kakulangan at kahirapang makaakses sa transportasyon,<sup>5</sup> pagkain,<sup>6</sup> at sistemang pangkalusugan,<sup>7</sup> ilegal na pagtatambak ng basura,<sup>8</sup> at pagdami ng mga kontaminadong lugar,<sup>9</sup> bukod sa iba pang hamon. Sobra-sobra ang pagkakalantad ng mga komunidad na ito sa mga pinagmumulan ng polusyon, gaya ng mga tambakan ng basura at insinerator,<sup>10</sup> mga pasilidad na pang-industriya,<sup>11</sup> mabibigat na sasakyang pangkargamento,<sup>12</sup> mga “highway”,<sup>13</sup> at malakihang operasyon sa agrikultura at pag-aalaga ng hayop.<sup>14</sup> Sa kabila nito, maaaring wala silang sapat na akses sa ligtas at abot-kayang pabahay, transportasyon, tubig, at imprastrukturang pangkalusugan. Marami sa mga residente ang nahaharap pa sa dagdag na panganib sa kalusugan ng publiko dahil nagtatrabaho sila sa mga industriya na naglalantad sa kanila sa kontaminadong lupa, hangin, at tubig.<sup>15</sup> Ang matitinding init, bagyo, pagbaha, tagtuyot, at “wildfire” na dulot ng umiinit na klima ay lalo pang nagpaparami sa mga banta sa mga komunidad na pinapasan ang bigat ng polusyon, na nagdudulot ng kawalang-tatag at pinsala sa kanilang kalusugan, kapakanan, at kabuhayang pang-ekonomiya.<sup>16</sup>

Ipinapakita ng mga pag-aaral na nakabatay sa ebidensya at ng mga buhay na karanasan ng mga residente na may ilang komunidad ang kadalasang nakararanas ng pinakamatindi at pangkaraniwang epekto ng kawalang-katarungang pangkapaligiran:<sup>17</sup> mga mamamayang hindi puti (“communities of color”);<sup>18</sup> mga Katutubong Mamamayan at mga Tribong bansa;<sup>19</sup> mga komunidad na mababa ang kita,<sup>20</sup> nasa kanayunan, at mga komunidad na hindi kinikilalang bahagi ng lokal na pamahalaan (“unincorporated community”);<sup>21</sup> mga komunidad kung saan

maraming residente ang nagsasalita ng wikang iba sa Ingles;<sup>22</sup> mga taong may kapansanan;<sup>23</sup> at mga taong kabilang sa LGBTQ+.<sup>24</sup>

Ang mga makasaysayang patakarang hayagang diskriminatibo ang naging saligan ng marami sa mga umiiral pa ring hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugang pangkapaligiran sa ating bansa ngayon, kabilang ang paghihiwalay batay sa lahi, “redlining”, at kawalan ng pamumuhunan sa ilang partikular na lugar. Lumilitaw ang mga pagkakaibang ito sa anyo ng mas malalalang kalagayang pangkalusugan ayon sa datos, mas maiikling haba ng buhay, mas mababang kalidad ng pamumuhay, at limitadong akses sa iba’t ibang oportunidad. Bukod dito, maraming komunidad at indibidwal ang matagal nang humaharap sa matitinding hadlang sa mga demokratikong proseso at mga yaman na humuhubog sa kanilang kapakanan at mga oportunidad. Tinutugunan ng katarungang pangkapaligiran ang pagkakaibang na ito sa pamamagitan ng pagbuo ng mga solusyon sa patuloy na pinsala at pagsusulong ng pampublikong kalusugan, kaligtasan, kagalingan, at kasaganahan sa mga komunidad. Sa pamamagitan ng pagtiyak sa isang inklusibong proseso, pinapadali ng katarungang pangkapaligiran ang akses sa prosesong pampulitika at nagbubunga ng mas malinaw at batay sa impormasyon na mga desisyon. Ang pagsusulong ng katarungang pangkapaligiran ay nagdudulot ng mas mabubuting resulta at tinitiyak ang dignidad at paggalang para sa lahat, anuman ang ating tirahan, libangan, trabaho, paaralan, o pananampalataya.

### **Walang Epekto ang mga Kamakailang Hakbang ng Pamahalaang Pederal sa Legalidad ng mga Pagsusumikap para sa Katarungang Pangkapaligiran**

Nagdulot ng mga pangamba ang mga hakbanging pederal na tumutuligsa sa katarungang pangkapaligiran, **ngunit hindi nito naapektuhan** ang patuloy na legalidad at kahalagahan ng mga pagsusumikap para sa katarungang pangkapaligiran. Kabilang sa mga hakbanging ito ang ilang kautusang tagapagpaganap na inilabas ni Pangulong Trump, pati na rin ang mga memorandum na inilabas ng Attorney General ng Estados Unidos na si Pam Bondi. Maling inilalarawan ng mga hakbanging ito ang mga aktibidad kaugnay ng katarungang pangkapaligiran at ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagsasama-sama at aksesibilidad (“diversity, equity, inclusion, and accessibility”, DEIA) bilang “ilegal na diskriminasyon.” Pinawawalang-bisa ng mga ito ang mga naunang kautusang tagapagpaganap na nagsasama ng mga prinsipyo ng katarungang pangkapaligiran sa mga programang administratibo ng pederal na pamahalaan. Itinitigil din nila ang mga hakbang sa pagpapatupad na naglalayong tugunan ang hindi patas na pasaning pangkapaligiran at tinatapos ang mga programang pederal para sa katarungang pangkapaligiran pati na ang kaugnay na pagpopondo.<sup>25</sup> Iniutos din ng mga kamakailang hakbanging pederal sa Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos (United States Department of Justice) na huwag bigyang-prioridad ang katarungang pangkapaligiran sa kanilang pagpapatupad ng batas, at magsagawa ng mga hakbang upang pigilan ang pagpapatupad ng mga batas sa katarungang pangkapaligiran ng mga estado na itinuturing na labag sa batas ng Attorney General ng Estados Unidos.<sup>26</sup> Pinalalabo ng mga hakbanging ito ang kahulugan ng katarungang pangkapaligiran at ang legalidad ng mismong gawain. Ngunit malinaw ang limitadong epekto ng mga hakbanging ito: **hindi maaaring baguhin ng Pangulo ang mga batas na ipinasa ng Kongreso, at hindi rin maaaring baguhin ng kanyang mga kautusang tagapagpaganap o mga memorandum ng ahensya ang mga proteksyong ipinagkakaloob ng Konstitusyon o ng batas ng estado.** Dagdag pa rito, bagama’t magkakaugnay, ang katarungang pangkapaligiran ay

isang natatanging konsepto na tumutugon sa mga natatanging hamon na naiiba sa mga hamon ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagsasama-sama, at aksesibilidad. Tulad ng mga pinakamahusay na gawi para sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagsasama-sama, at aksesibilidad sa lugar ng trabaho na tinalakay sa gabay noong Pebrero 2025 mula sa iba't ibang attorney general ng mga estado,<sup>27</sup> ang pagsusulong ng katarungang pangkapaligiran ay hindi lamang legal kundi kapaki-pakinabang din para sa publiko.

### **Sinusuportahan ng mga pederal na batas pangkapaligiran ang katarungang pangkapaligiran.**

Maraming batas pangkapaligiran ng pamahalaang pederal ang sumusuporta sa mga pampubliko at pribadong hakbang upang isulong ang katarungang pangkapaligiran. Maaaring magsagawa ng mga hakbang ang mga pampublikong entidad na nagpapatupad ng mga batas pangkapaligiran upang matiyak ang patas na pagpapatupad sa lahat ng komunidad sa loob ng kanilang hurisdiksiyon. Bukod dito, may ilang batas pangkapaligiran na nangangailangan sa mga ahensyang pampubliko na suriin at bawasan ang mga epekto sa kapaligiran ng mga panukalang proyekto sa mga komunidad na nahaharap sa pinagsama-samang epekto ng maraming pinagmumulan ng polusyon. Marami ring batas pangkapaligiran ang humihiling sa mga pampubliko at pribadong entidad na isali ang publiko sa mga desisyong huhubog sa kinabukasan ng mga komunidad. Halimbawa, iniaatas ng pederal na Batas sa Malinis na Hangin (Clean Air Act) na ang mga ahensyang pampubliko ay magbigay ng abiso sa publiko, pagkakataon para sa pampublikong komento, at magsagawa ng pampublikong pagdinig bago magdesisyon tungkol sa lokasyon at operasyon ng mga bagong pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin.

### **Kinikilala ng Saligang Batas ng Estados Unidos at ng mga batas pederal sa karapatang sibil ang pagsusulong ng katarungang pangkapaligiran.**

May bisa ang mga ipinatupad na patakaran ng mga pamahalaang estado at lokal ukol sa katarungang pangkapaligiran alinsunod sa malawak nilang kapangyarihan sa ilalim ng estrukturang pederalista ng ating bansa at ng Ikasampung Susog ng Saligang Batas ng Estados Unidos (Tenth Amendment of the United States Constitution), na nagpapahintulot sa mga estado na magpatupad ng mga patakaran at programa para sa pampublikong kalusugan, kaligtasan, at kapakanan. Sa ilalim ng kapangyarihang ito, maraming konstitusyon ng estado mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa ang nagsama ng mga karapatang publiko sa malinis at malusog na kapaligiran na may bisa sa batas at maaaring ipatupad. Marami ring batas ng estado ang nag-uutos na ang pagpapalano sa paggamit ng lupa, transportasyon, at imprastruktura ay dapat magpababa ng hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugang pangkapaligiran. May ilang batas ng estado at mga ordinansa ng lungsod na humihiling sa mga pampublikong ahensya na aktibong makipag-ugnayan sa mga kapitbahayang malapit sa mga panukalang lugar ng proyekto at bawasan o alisin ang mga negatibong epekto sa kalusugan ng publiko.

Sumusuporta rin sa mga hakbang para isulong ang katarungang pangkapaligiran ang mga proteksyon sa karapatang sibil na nakapaloob sa Saligang Batas ng Estados Unidos, gayundin sa mga batas pederal at ng estado. Sa katunayan, maaaring magpalakas ng pagsunod sa mga batas sa karapatang sibil ang mga programa para sa katarungang pangkapaligiran. Ipinagbabawal ng Probisyon sa Pantay na Proteksyon ng Ikalabing-apat na Susog (Equal Protection Clause of the

Fourteenth Amendment) ang mga ahensya ng pamahalaang estado at lokal mula sa pagsasagawa ng mga sadyang diskriminatibong kilos batay sa lahi at kasarian.<sup>28</sup> Ipinagbabawal ng Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 (Title VI of the Civil Rights Act of 1964) ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan ng isang tao sa mga entidad na tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal, na kinabibilangan ng mga pamahalaang estado at lokal, gayundin ng maraming pribadong entidad. Ipinagbabawal ding magsagawa ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa ilalim ng Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon (Section 504 of the Rehabilitation Act) ang mga tumatanggap ng pondo mula sa pamahalaang pederal, batay sa edad sa ilalim ng Batas laban sa Diskriminasyon batay sa Edad ng 1975 (Age Discrimination Act of 1975), at batay sa kasarian sa ilalim ng Titulo IX ng Mga Susog sa Batas Pang-edukasyon ng 1972 (Title IX of the Education Amendments of 1972). Ipinag-uutos din ng Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil (Title VI of the Civil Rights Act) tiyaking makakalahok nang ganap ang mga indibidwal na gumagamit ng mga wikang iba sa Ingles sa mga programa, aktibidad, at benepisyo—gaya ng mga pagdinig para sa “permit”, mga pulong ukol sa mga plano para sa pag-aayos o paglilinis, mga babalang pang-emergency, o mga pagkakataong makatanggap ng teknikal na tulong ang mga tumatanggap ng pederal na pondo.<sup>29</sup> Ang akses sa wika ay isang mandatoryong pananggalang sa karapatang sibil at pangunahing bahagi ng katarungang pangkapaligiran.

Dagdag pa rito, ipinagbabawal ng Titulo VIII ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1968 (Title VIII of the Civil Rights Act of 1968), na kilala bilang Pederal na Batas para sa Makatarungang Pabahay (Federal Fair Housing Act), ang diskriminasyon mula sa pampubliko at pribadong sektor sa pagbebenta o pagrenta ng pabahay, pati na rin sa mga tuntunin, kondisyon, pribilehiyo, serbisyo, o pasilidad na may kaugnayan sa pabahay dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, katayuang pampamilya, o bansang pinagmulan.<sup>30</sup> Maaaring lumabag sa Batas para sa Makatarungang Pabahay ang mga desisyon sa “zoning” na may diskriminasyon na nagdudulot ng kakulangan sa pabahay, ang diskriminatoryong pagtangga sa mga pangunahing serbisyong munisipal, at mga kilos na nagpapatuloy sa paghihiwalay ng mga komunidad.<sup>31</sup> Sa wakas, ipinagbabawal ng Batas para sa mga May Kapansanang Amerikano (Americans with Disabilities Act) ang diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan sa mga pangunahing aspeto ng pampublikong buhay.<sup>32</sup> Nagbibigay ang mga batas sa mga karapatang sibil ng estado at lokal ng karagdagang mga proteksyon laban sa diskriminasyon na kaakibat at kumukumpleto sa mga nakapaloob sa mga pederal na batas sa karapatang sibil at iba pang kaugnay na batas.<sup>33</sup>

### **Protektado ng Unang Susog (First Amendment) at ng mga batas para sa mga hindi pangkalakal na organisasyon ang mga gawain para sa katarungang pangkapaligiran.**

Pinangangalagaan ng Unang Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos (First Amendment of the United States Constitution) ang mga organisasyong nagtataguyod ng katarungang pangkapaligiran, na nagbabawal sa pamahalaan na magpataw ng parusang legal o pilitin ang mga grupo na supilin ang kanilang pinangangalagaang karapatan sa malayang pagpapahayag.<sup>34</sup> Hindi maaaring ipagbawal ng pamahalaan ang isang pahayag dahil lamang sa hindi ito sang-ayon sa mensaheng ipinapahayag nito, kabilang na ang sa pamamagitan ng di-opisyal na pagsensura o hindi direktang pananakot.<sup>35</sup> Hindi rin puwedeng ipailalim ng pamahalaan sa anumang kondisyon ang pagbibigay ng benepisyo, kabilang ang pondo, kapalit ng pagsuko ng karapatang magsalita ng isang indibidwal o organisasyon na pinoprotektahan ng

batas.<sup>36</sup> Saklaw din ng proteksyong ito ang pagtangi o pagbawi ng pederal na katayuang walang buwis batay sa pinanghahawakang pananaw o pahayag ng isang organisasyon.<sup>37</sup>

Itinuturing ding makawanggawang layunin sa ilalim ng mga pederal na batas para sa mga hindi pangkalakal na organisasyon ang mga programang para sa katarungang pangkapaligiran. Hindi maaaring legal na ipawalang-bisa ng Pangulo ang 501(c)(3) katayuan ng mga organisasyon sa pamamagitan ng isang kautusang tagapagpaganap o anumang uri ng utos ng pangulo. Sa katunayan, ipinagbabawal ng Kodigo ng Rentas Internas (Internal Revenue Code) ang anumang impluwensiya ng ehekutibong sangay sa mga audit ng nagbabayad ng buwis at iba pang imbestigasyon, kabilang na ang mga may kinalaman sa mga organisasyong may katayuang walang buwis.<sup>38</sup> Bukod pa rito, para sa mga organisasyong napapanahon ang pagsusumite ng taunang dokumento sa Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS), nangangailangan ang pagbawi ng katayuang walang buwis ng masusing pagsusuri ng bawat kaso ng IRS, na kinabibilangan ng mga proteksyon ng “due process” para sa mga hindi pangkalakal na entidad.<sup>39</sup>

### **Natatanging Pananagutan sa mga Tribong Bansa at mga Katutubong Mamamayan**

Nakakaapekto rin ang mga kawalang-katarungang pangkapaligiran sa mga Tribong bansa at mga Katutubong mamamayan,<sup>40</sup> na may natatanging ugnayang pampulitika at legal sa Estados Unidos. Likas na mga soberanong pamahalaan ang mga Tribong bansa na may kapangyarihang pamahalaan ang kanilang sarili at ang kanilang mga lupain. May natatanging ugnayang kultural at espirituwal sa mga lupaing iyon ang kanilang mga mamamayan at komunidad.<sup>41</sup> Madalas na labis na naaapektuhan ang mga Katutubong komunidad ng iba’t ibang uri ng pinsalang pangkapaligiran, kabilang ang maruming tubig, kakulangan sa mga batayang serbisyo sa sanitasyon,<sup>42</sup> at pagkakalantad sa “radioactive” na kemikal, mabibigat na metal, at maruming hangin na dulot ng pagmimina ng “uranium”<sup>43</sup> at produksyon ng “fossil fuel” sa loob at paligid ng lupain ng mga Tribong bansa.<sup>44</sup> Ang Estados Unidos at ang mga Tribong bansa ay may ugnayang pamahalaan-sa-pamahalaan, at may pananagutang pangkatiwala ang Estados Unidos at may obligasyong pangkasunduan na igalang ang soberanya ng mga Tribong bansa at protektahan ang kanilang mga lupain.

### **Pagsasabuhay ng Katarungang Pangkapaligiran**

Tulad ng tinalakay sa itaas, sinusuportahan ng umiiral na batas ang napakaraming pampubliko at pribadong gawain na nagtataguyod ng katarungang pangkapaligiran. Ang mga sumusunod na pagsisikap, patakaran, at programa para sa katarungang pangkapaligiran ay ilan lamang sa maraming halimbawa ng mga gawain na legal na isinasagawa ng mga pampublikong ahensya, mga hindi pangkalakal at makawanggawang organisasyon, at mga negosyo upang isulong ang katarungang pangkapaligiran. Ibinibigay ng aming mga Tanggapan ang mga halimbawang ito para sa layunin ng pagpapaliwanag. Hinihikayat namin ang mga pampubliko at pribadong entidad na bumuo at isulong ang mga inisyatiba para sa katarungang pangkapaligiran na naaangkop sa pangangailangan ng kanilang mga komunidad, batay sa isinapersonal na payong legal.

*Edukasyon, Teknikal na Tulong, at Suporta sa Pagpopondo:* Ang mga pampubliko at pribadong entidad ay may kapangyarihang magpatuloy sa pagbibigay ng edukasyon, teknikal na tulong, at pondo para sa mga patakaran at programang nagtataguyod ng katarungang pangkapaligiran.

- *Edukasyon* – Maaaring magbigay ang mga programa ng kaalaman sa mga hindi pangkalakal na organisasyon, mga munisipalidad, at iba pang mga “stakeholder” tungkol sa pangkalahatang mga prinsipyo ng katarungang pangkapaligiran at kung paano makakakuha ng pondo mula sa estado at pamahalaang pederal para sa mga tuwiran o di-tuwirang pagsisikap na may kinalaman sa katarungang pangkapaligiran.
- *Teknikal na Tulong at Pagpopondo* – Alinsunod sa mga kondisyon ng kasunduang nauukol sa “grant”, maaaring magbigay ang mga programa ng pagsasanay, teknikal na tulong, at pondo upang matugunan ang iba’t ibang suliraning pangkapaligiran na hindi pantay ang epekto at higit na nakapipinsala sa ilang mga komunidad. Halimbawa, maaaring magbigay ng teknikal na tulong at pondo ang mga hindi pangkalakal na grupo at mga lokal na pamahalaan upang matugunan ang kontaminasyon ng inuming tubig at ang kakulangan sa mga serbisyo sa maruming tubig (“wastewater”) sa mga apektadong komunidad.

*Pampublikong Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok:* Ang mga pampubliko at pribadong entidad ay may kapangyarihang magbigay ng malawakang abiso at makipag-ugnayan sa mga komunidad na nakararanas ng kawalang-katarungang pangkapaligiran bilang isang mahalagang hakbang sa pagpapatupad ng mga patakaran at programang ukol sa katarungang pangkapaligiran.

- *Pagkakaroon ng Akses sa Wika* – Mahalaga ang mga pagsisikap ng mga pampubliko at pribadong sektor upang matiyak ang akses sa wika para sa mga abiso at babalang pangkapaligiran—maging ito man ay tungkol sa mga pampublikong pagpupulong, matitinding kalagayang panahon, o iba pa—lalo na mula sa pananaw ng pampublikong pakikilahok, kalusugan, at kaligtasan.
- *Pag-abot at Aksesibilidad* – Nananatiling legal at mahalaga ang mga gawain upang mapabuti ang aksesibilidad para sa mga miyembro ng komunidad, kabilang na ang mga taong may kapansanan o yaong mga mahina sa harap ng pagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon. Maaaring kabilang sa mga gawaing ito ang pagbibigay ng opsyon para sa “hybrid” na pagdalo (personal at online), pagsasagawa ng mga pagpupulong sa gabi, pagpapalawig ng mga panahon ng pagbibigay-komento, at malawak, nakatuon, at maagang pag-abot sa mga apektadong komunidad.

*Pagkilala at Pagsusuri sa Pasanin:* Ang mga pampubliko at pribadong entidad ay may kapangyarihang magsagawa ng siyentipikong pagsusuri at pangangalap ng datos, gaya ng pagmamanman sa kalidad ng hangin at tubig, paggawa ng mga mapa, at mga inisyatibang nakabatay sa datos ng komunidad, upang makatulong sa paggawa ng mga desisyong may kinalaman sa kapaligiran.

- *Datos sa Pinagsama-samang Epekto* – Nananatiling legal at mahalaga ang pangangalap ng datos tungkol sa magkakapatong na kemikal at di-kemikal na salik ng stress upang

maunawaan kung paanong nagdudulot ang polusyon at iba pang pasanin ng hindi pantay at negatibong epekto sa partikular na mga komunidad at populasyon.

- *Panlipunan at Pangkapaligirang Datos* – Maaaring isaalang-alang ang pagsusuri ng datos ng polusyon kasabay ng iba pang mga hanay ng datos upang matukoy ang mga posibleng epekto sa kalusugan ng tao. Kabilang dito ang lokasyon ng mga taong may mas mataas na panganib sa kalusugan (gaya ng mga bata at nakatatanda), mga sosyo-ekonomikong salik ng stress, at ang akses sa mga panlipunang salik ng kalusugan (gaya ng serbisyong pangkalusugan, mga serbisyong pampubliko, pagkain, pabahay, transportasyon, o trabaho).
- *Pangangalagang Sama-sama ng Komunidad sa Pagsubaybay* – Ang pagmamay-ari o pakikibahagi ng komunidad sa pamamahala ng mga sistema ng pagsubaybay sa polusyon ay nagbibigay sa mga residenteng nasa unahan ng epekto, mga negosyo, at mga pampublikong entidad ng agarang akses sa datos ukol sa polusyon. Maaaring gamitin ang datos na ito upang maunawaan ang pinagsama-samang pasanin ng polusyon sa mga komunidad at upang matiyak ang pagsunod sa mga batas na naglilimita sa mapaminsalang pagbuga ng polusyon.

*Pag-iwas at Pagpapababa ng Pagkalantad sa Polusyon:* Ang mga pampubliko at pribadong entidad ay may kapangyarihang magsagawa ng mga hakbang upang maiwasan at mabawasan ang pagkalantad sa polusyon, kabilang na sa mga komunidad na dati nang naapektuhan ng maraming pinagmumulan ng polusyon.

- *Akses sa Ligtas na Inuming Tubig* – Legal ang mga programang nagsisiguro ng pangkalahatang akses sa ligtas at malinis na tubig. Kabilang dito ang pagpapalit ng mga linya ng serbisyo na may tingga, pagbibigay ng pansamantalang suplay ng tubig sa panahon ng krisis sa inuming tubig, o pag-aalok ng libre o murang pagsusuri at pagpapalit ng mga pribadong balon.
- *Mga Inisyatiba para sa Malusog na Tahanan* – Maraming patakaran at programang ukol sa katarungang pangkapaligiran ang naglalayong lumikha ng mga panloob na kapaligirang ligtas tirhan, paglibangan, pagtrabahuan, pag-aralan, at sambahan. Halimbawa, maaaring mapabuti ng mga inisyatiba para sa malusog na tahanan ang kalidad ng hangin sa loob ng bahay, upang matiyak na ang mga nangungupahan at may-ari ng bahay ay may akses sa isang kapaligirang walang lason at peste.
- *Pagsusuri sa Katarungang Pangkapaligiran at/o Pinagsama-samang Epekto* – Ang ilang estado ay nagtatakda ng pagsusuri sa katarungang pangkapaligiran o pinagsama-samang epekto bilang bahagi ng proseso para sa pag-apruba ng mga “permit” ng pasilidad o mga desisyon sa paggamit ng lupa na maaaring magdulot ng dagdag na pagkalantad sa polusyon sa mga komunidad na labis nang nabibigatan. Nangangailangan ang ganitong uri ng pagsusuri ng pakikilahok ng publiko at pagsusuring batay sa datos upang mapigilan o mabawasan ang pagtaas ng polusyon o iba pang salik ng stress sa mga lugar na labis nang napapasan.

